

Abot-Kamay Community Solidarity Fund Online Launch

19 July 2022, 3-5 pm

- Welcome and Introduction, Catherine Gordo, Global Giving
- Opening Remarks, Emil Francis “Jay” de Quiros, USAID
- Introduction of the Abot-Kamay CSF, Loreine dela Cruz, CDP
- Open Forum and Q&A, Eena Geslaine Barrun, CDP

Welcome and Introduction

Unang-una sa lahat, maraming salamat sa pagpapaunlak sa aming imbitasyon ngayong hapon. Alam po namin na parang excited tayong marinig at mas makilala yung layunin ng Abot-Kamay Community Solidarity Fund na ipapakilala mamaya. Pero bago ko po ipasa sa CDP para mas malalim na maipaliwanag at maipakilala yung fund, hayaan niyo po munang ikwento ko sandali kung paano ito nabuo.

Ang Abot-Kamay Community Solidarity Fund po ay nabuo mula sa Assets, Agency, and Trust (AAT), na isang programang naglalayong mas maintindihan, tuklasin, at suportahan ang mga iba’t ibang inisyatiba na nakasentro talaga sa komunidad at sa mga grassroots organization, lalong-lalo na para matignan kung paanong nagtutulungan, nag-aambag-ambag ang mga miyembro, at kolektibong kumikilos para sa ikauunlad at pagbabago.

Ito po ay sinusuportahan ng United States Agency for Development (USAID) at pinagtutulungang iimplement ng apat na consortium members: Global Giving, Global Fund for Community Foundations, Nonprofit Finance Fund, at ang aming national partner, Center for Disaster Preparedness.

Naniniwala ang programang Assets, Agency, and Trust na mahalagang bahagi ng bawat pagbabago o pag-unlad ang pagrekognisa sa kahalagahan ng ambag at contribution ng mga miyembro ng bawat organisasyon. Talagang kinikilala niya na ang kakayanan at kapasidad ng bawat organisasyon ay hindi lamang nakasentro sa pagtugon o pag-comply sa donor requirements, pero talagang sa mga kapasidad na nagpapatatag ng tiwala, hindi lamang sa pagitan ng miyembro o ng leadership nito, kundi sa pagitan ng iba-ibang organisasyon o partnerships. So kasabay po ng tiwalang yun yung pagkakabuo ng relasyon na nakabatay sa equal o pantay na partnership, na hindi lamang simpleng binabago yung termino – napag-usapan naming kahapon, hindi na natin ginagamit yung terminong “beneficiary,” “recipient,” o “grantees” pero ganun pa rin naman yung turing o trato – pero talagang substantial na binabago yung relasyon, kagaya nang paano nabubuo at ginagawa ang decisions sa loob ng partnerships.

Dahil po sa sabi ni Ate Linda kahapon, ang tapang ng programa, gagamitin ko yung word na tapang. Dahil po sa matapang na layunin na yan, nabuo ang apat na pathways na gustong gawin ng programang AAT.

1. Community landscape and insights
2. Paglalaan ng mga platform o spaces kung saan pwedeng ipagpatuloy ang mga pag-uusap o diskurso para mas mapalalim yung mga ugnayan at interes sa pagtataguyod ng community philanthropy o community change.
3. Non-financial support
4. Continuous na pagsuporta sa pagpapalakas ng mga kapasidad batay sa naisip at napiling priorities ng iba't ibang organisasyon sa komunidad.
5. Community Grantmaking
6. Mas ikukwento ni Tita Lou mamaya.
7. Communication/engagement/influencing
8. Pag-impulwensiya sa iba't ibang mga stakeholders para masuportahan ang ganitong mga klaseng aktibidad at proseso, kung saan komunidad ang sentro ng ginagawa natin.

Kasama ng CDP at ng iba pang consortium partners, maraming salamat po sa pagsama sa amin ngayong hapon. Hangad po namin na marinig ang inyong mga tanong at suhestiyon mamaya. Marami pong salamat.

Opening Remarks

Magandang hapon sa inyong lahat. Salamat again. Acknowledge ko lang ang Global Giving, represented by Cathy, siya po yung pinakanamumuno dito sa Pilipinas ng Assets, Agency and Trust na program, sinusuportahan ng USAID, and of course sina Lou sa CDP, Center for Disaster Preparedness. And of course yung iba nating mga kasama rin sa programang AAT, yung Global Fund for Community Foundations saka yung Nonprofit Finance Fund.

Binabati ko kayong lahat. Salamat. Kanina mukhang 30 na tayo, pero ngayon palagay ko marami na tayo, mas dumami pa ano. Sixty na. Mamaya siguro baka umabot ng 100 o lumampas pa.

Ako si Jay de Quiros, ako po ay parte ng USAID, United States Agency for International Development. Parte po ito ng US government, kung saan may embahada ng US, nandun kami. So we are part of the US government. Kami po yung punong agency ng US government na nag-iimplement ng mga proyekto para sa ikabubuti at suporta na rin sa mga bansa sa iba't ibang larangan: education, economic development, health, pati sa environment.

So ito, isa sa mga programa na sinusupportahan namin, itong Assets, Agency and Trust. Natutuwa talaga ako na nandito ako, naimbitahan ako na magbigay ng remarks dito and ito talaga ang pakay natin ngayon and of course and CDP ang magpapaliwanag mamaya, ila-launch itong Abot-Kamay na micro-grants facility.

Nabanggit na ni Cathy kung ano yung Assets, Agency and Trust. Balikan ko lang din, kami sa USAID syempre sinusupportahan namin ito bilang bahagi ng tinatawag namin na localization. Pag sinabi mong localization, mas gusto namin magtiwala kung ano yung sinasabi ng mga local actors, yung mga nasa communities. Kasi, kung iisipin mo, sila yung mas kabisado yung konteksto, kung anong nangyayari at kung ano yung needs. Sila rin yung makakapag-mobilize ng mga support, or makakapaghatak ng mga tao, ng resources para pugsuin yung mga challenges na nasa komunidad.

Kami sa USAID, and of course Global Giving, alam namin na may mga problema pero may gumagawa rin, mga tao mismo sa baba. Kahit kaunti lang ang pinansiyal na pag-aari, marami ring ibang pwedeng assets, or mga pwedeng iambag. Lalo na sa Pilipinas, kita niyo naman. Nakikita natin. For example, yung community pantry, nung panahon nung pandemya, dun makikita na kahit sino pwedeng mag-ambag. Yun ang, for me, one of the good examples ng community philanthropy. Hindi kailangan pera eh, pero ano yung pwede mong maambag.

Kaya nga itong programa, kaya nga assets, kahit sino, merong ambag. Pwedeng mag-ambag. Agency, kasi meron tayong kakayanan. Lalo na sa communities, may kakayanan yung iba't ibang organizations, whether formal ba yan o informal na grupo. Meron ding trust no, kasi trust kailangan pag nagsasama-sama tayo, naghahatakan, dun nakaka-create tayo, dun nagtitiwala tayo sa isa't isa para mapukso natin yung challenges.

Kaya meron ding ganito na Abot-Kamay Fund. Nagtitiwala kami, dun sa mga mag-aapply, nagtitiwala kami sa inyong kakayanan, para kayo mismo, the local organizations, ang mismong aatake ng mga problema sa mga communities. Siguro nagtatanong kayo, ano bang kaibahan nito sa ibang mga funding opportunities diyan? Ang kaibahan nito ay, hindi namin gusto na sa amin magsimula ang pagkilos. Gusto namin, parte lang kami. Yung USAID, yung Global Giving, yung CDP. Gusto naming sumama sa pagtulak pero hindi kami ang pinakaimportanteng panggagalingan. Kumbaga, tutulong lang. Medyo catalytic, yung tinatawag namin no. Konting tulak lang, pero kayo mismo ang mag-iisip kung anong gagawin, kayo rin mismo ang gagawa. Yun ang kaibahan nito. Kumbaga tulungan para palakasin, tapos, eventually aalis na rin kami, pero tuloy pa rin yung gagawin ninyo. Kumbaga, halimbawa, pinakasanay tayong picture yung bayanihan. Kumbaga sa bayanihan, isa lang kami dun sa nagbubuhay nung bahay. Gusto namin, kayo talaga. Konting tulak lang, konting push kumbaga. Tapos eventually aalis na kami at kayo na talaga yung magpapatakbo at palalakin pa yung mismong gusto ninyong gawin.

Mamaya pakikingan namin yung mga criteria na babanggitin ng CDP. Malinaw na para ito sa pagpapalakas ng community philanthropy. Dun na muna, ayoko nang pahabain. Of course marami pa tayong detalyeng maririnig kina Lou, sa CDP. Maraming-maraming salamat sa pagpunta and salamat sa pag-invite sa akin para sumali dito sa afternoon na ito, programang ito. Maraming-maraming salamat.

Introduction Of The Abot-Kamay CSF

Mapagpalang hapon sa ating lahat. Heto na, atin nang ilulunsad ang Abot-Kamay Community Solidarity Fund. In short, ACSF. Ito ay kumakatawan sa Grantmaking component ng programa ng Assets, Agency and Trust. Ang ACSF ay para sa mga people's organizations, community-based organizations, at mga pormasyong sectoral na wala sa radar ng mga may kalakihan at lalo na ng malalaking donor agencies. Samantala, napakaimportante na mabigyan sila ng pagkakataong mapondohan ang kagyat o mahalagang suliranin na kinakaharap ng kanilang komunidad, lalo pa't may proseso at ambag ang mga miyembro mismo ng komunidad sa pagtugon at pagsosolusyon sa kanilang mga kinakaharap na suliranin. Ang ilang sa tipo ng ganitong mga organisasyon ay wala pang kapasidad na magsulat ng mahahaba at masyadong mga technical na proposal. Kundi man, ay hindi pa rin sila rehistrado, bagama't may mga pagsisikap na sila bilang mga partner ng iba't ibang organisasyon para sa iisang layunin o agenda. Ang mga puntong nabanggit na ang tunay na ninanais ng ACSF na tugunan. Kaya't mahalaga ang ating pagtutulongan upang makapag-ambag ang ACSF sa pagbibigay sa inyo ng karanasan na masubukan ang klase ng pondong nilikha mula sa inyo, para sa inyo, at para sa ikabubuti at ikauunlad ng organisasyon niyo, at ng gawain niyo sa inyong komunidad, o magkakaugnay na komunidad.

Masasabi nating hindi bigla, o parang kabute, ang pagsulpot ng ACSF mula sa kawalan. Ito ay masusing dumaan sa mga pagtatanong o inquiry sa maraming mga stakeholders sa iba't ibang panig ng bansa na gumamit ng iba't ibang mga kaparaanan. Nabanggit ni Cathy ang pagsasagawa nito kanina -- kung ilang bilang ng mga naging kasangkot at malamang, marami sa inyo na dumadalo ngayon rito ang nakalahok, kundi man survey ay sa introductory session patungkol sa programa o sa ilang mga deep dive sessions. Ang akin na lamang patitingkarin kaugnay nito ay ang aming mga narinig na natutunan sa Inquiry na may kaugnayan sa usapin ng pondo, sapagkat ito naman ang tuon ng ating mga talakayan ngayon.

May apat na malalaking chunk na usapin na isang magandang puruan ng ating talakayan ngayong hapon:

1. Inequity o di pagkakapantay-pantay.

Ang pag-access ng pondo ay may di pagkakapantay-pantay. Nasa disbentahe ang mga may kaliitang mga CSOs, at syempre lalo na ang mga organisasyon ng mamamayan sa grassroots level. Ang mga may bentahe ay yaong mas nasa sentro at nasa antas nasyonal, dahil sila na rin ang mas nagkakaroon ng wider exposure sa ilang mga donors kasama ang UN, INGOs, at ibang select foreign and government donor agencies. Napakalaking gap ang hinaharap ng ganitong kalagayan.

2. Mismatch o di pagkakatugma ng nilalayan at mga patakaran ng donors vis-a-vis mga organisasyon sa ground, kasama na ang mga community-based people's organizations or grassroots organizations.

Ito ay pumapatungkol sa usapin ng matitindi o sandamakmak na mga requirements ng donors at interest na napaka-prescriptive. Gayundin, malayo sa tunay na kalagayan at pangangailangan ng mga komunidad.

3. Resilience or katatagan

Ang mga CSOs ay alam na alam na sa hinaba-haba ng kanilang karanasan sa pagsusulong ng mga gawain para sa mga apektadong mga mamamayan at komunidad ang usapin ng sustainability, o ang pagpapanatili ng kanilang pag-iral sa ating kasalukuyang kalagayan. Ngunit tunay ngang napakahirap nitong makamit dahil din nagbago na ang antas ng ekonomiya ng ating bansa at di na tayo prayoridad ng mga donor agencies. Kung sakali mang nagsusuporta pa sila, ang mga ito ay may langkap na ng pag-aaral at upang matuto ayon sa abanteng kalagayan na ng mga pagsisikap ng mga CSOs.

4. Community philanthropy

Ito ay pumapatungkol sa solidarity at working together, o pagkakaisa at pagtatrabaho ng sama-sama ng komunidad, ilan o iba't iba pang mga komunidad ng iba't ibang stakeholders na kumikilos sa mga komunidad para sa komunidad. Nakapaloob at kasama rin dito ang papel ng community philanthropy sa pagbibigay ng kapangyarihan ng nasa pinakaubod ng pagpapalakas ng mga komunidad at mga organisasyong kumikilos sa mga komunidad. Ang CP o community philanthropy ay maraming dimension at may layuning pangmatagalan para sa pagbabago. Tinitingnan at niyayakap na mahalaga ang pagbabago sa sistema, gayundin sa mindset and perspective ng mga tao upang makamit ang pagbabago. Maliwanag din na humahakbang ang CP nang ayon sa pangangailangan ng komunidad.

Kung kaya't napakalaki pa talaga ang pangangailangan sa kasalukuyang sitwasyon ng mga lokal and community actors ng mga sumusunod:

- better communication and engagement with donors, members and communities
- opportunities to strengthen skills, capacities and knowledge
- equitable access to funds

Tungo na tayo sa million-dollar question natin sa ating pagtitipon ngayon. Paano natin matitiyak na ang mga komunidad at di mga external donors ang may kontrol sa mga prayoridad, mga rekurso, at iba't ibang mga desisyon na makakaapekto sa development o pag-unlad? Yamang may kaalaman na tayo sa mga usaping ito, di na tayo papayag na ang mga external donors ang may kontrol ng mga ito. Di tayo marapat na pumayag na nadidiktahan nila ang lahat ng mga sikot-sikot ng may kinalaman sa pinopondohang proyekto. Kung ang nais lang nila ay marapat na mangyari, hindi na dapat pang pasukin ang ugnayang ganito. Sa ganito ay maipapakita rin natin sa donor na di tayo beholden. Tayong mga national and local actors sa kanila. Lalo pa't nais nilang magwasiwas ng kapangyarihan. Ito naman ay nangyayari nang consciously or unconsciously. Marami naman nang pagsisikap at tunay na ring may mga pagbabago sa ilang mga donor partners. Ito ay kailangan talagang panindigan upang magkaroon ng tunay na pagbabago sa mga relasyon sa pagitan ng mga donor and donee.

What are we doing differently?

We are shifting the power.

Maraming mga iba't ibang kalamnan ito. Ang isa rito, pagkilala na ang INGOs ay may supporting role sa halip na leading role humanitarian response. Ito ang ating nais na gampanan nilang papel: providing technical assistance and resource mobilization support bilang bahagi ng joint commitment para itackle ang imbalance between international and local actors, na masyadong nakasalig sa international sa kabila ng napakaliwanag na frontline role ng national and local actors.

Pangalawa, kailangan ng creative ways to unlock the inherent power of communities sa pag-determine ng kanilang sariling development course, gaano man nila ito ideo. Kasama rito ang letting the language of beneficiaries, recipients, grantees a thing of the past.

Pangatlo, moving away from building capacity as defined by external actors and requirements, patungo sa community organizing and movement building, na kung saan ang capacity ay naka-equate sa relevance, rootedness, and constituency.

Pag-eensure na ang external funding ay nagre-recognize, gumagalang at nagbibuild ng local resources and assets sa halip na ioverlook ito, iundermine, idisplace, ang national and local actors.

Sumunod, pinapalawak nito ang horizon lagpas sa usapin lamang ng pera bilang central driver of change at inilalagay ang greater value on other kinds of infinite and non-financial assets na nabanggit kanina ni Jay, and resources tulad ng knowledge, capacity, networks, na mayaman ang CSOs at ang grassroots, people's organizations. Kailangan ng pag-shift ng mindsets para ma-recognize natin ang ating sariling kakayahan. Ang power ay maaari lang makuha ng mga taong handa rito. Ang poverty mindset ng ilang mga CSO leaders, na kung saan ipinaghihintay sa pamahalaan ang mga hakbangin sapagkat sila rin naman talaga ang mga duty-bearers at may obligasyon talaga kaugnay nito. Pero kailangan nating palutangin ang pangangailangan ng pagbabago sa usaping ito. Maaari nating baguhin ang lenguaheng ating ginagamit upang ma-enable din ang new ways of working and thinking sa halip na ma-constrain ito. Maaari rin nating icalallenge ang dominance ng English, kaya heto tayo ngayon at nagtatagalog para magkaunawaan talaga tayo. Maaari rin nating baguhin ang ating mga sarili. Kailangan natin ng humility and boldness at maging handa sa challenge ng sarili nating mismong kapangyarihan. Kailangan nating makinig, makipag-work sa iba. Ang hamon sa atin ngayon ay collaborate, collaborate, and work together.

Simplified and adaptive process to the needs and capacity of grassroots organizations in the country.

Ayaw na nating pahirapan pa ang ating mga kapatid na grassroots organizations na masubukan at di matakot sa pagsuong sa paglikha ng mga proposals para sa kanilang community-led actions. Gusto nating pagaanin at maging matagumpay ang kanilang karanasan sa pagsubok. At kung hindi man magtagumpay ang lahat na mapondohan, next time around, mas armado na sila ng karanasan at natuto na paano talaga makagagawa ng matagumpay na proposal.

Participation of non-traditional grantmakers in the selection process

Ang kakaiba rin sa proseso ng pagpili ng ACSF ay ang pagkakaroon ng mga kinatawan na kayang kumatawan sa mga komunidad, may lente at perspektiba ng komunidad, kasama ang geographic and cultural context. Gayundin ang pagkasapul ng katangian, kakanyahan at pangangailangan ng mga komunidad. Ito ay makukuha lamang sa mayaman at mahabang panahon ng immersion and integration at working with the communities. Mamaya makikilala natin ang ating selection committee.

We are capturing learning and evidences to influence grantmaking

Simula pa lamang ito. Mula sa pagkatuto sa karanasan sa grantmaking component na ngayon ay ng AAT pa lamang, nilalayan nating iadvocate at ibayong pagpursigihan ang pagkakaroon ng maraming mga community solidarity funds. Sana maraming mga donors ang mag-interes dito. Nais nating maraming mahimok na bigyang pansin at tuon din upang

maalalayan at masuportahan ang mga komunidad sa kanilang walang-humpay na pagsisikap para ma-better ang kalagayan ng mga komunidad sa iba't ibang panig ng bansa.

Balik muli tayo sa ACSF, ang grantmaking component of AAT. Naniniwala ang AAT na ang pagbabago na pinangungunahan at pinamumunuan ng mga komunidad ay laging mas contextually appropriate kung kaya't ito ang mas may higit na impact and more sustainable. Ang nilalayan ng ACSF bilang component ng AAT ay mabigyang suporta ang mga community-led initiatives na ultimong mag-aambag sa pagsulong ng community philanthropy at mag-iinfluence ng mga stakeholders sa paglikha ng enabling environment na naghihikayat at tumutugon sa pagbibigay-kapangyarihan sa mamamayan sa mga community-led actions. Importanteng lamanin talaga ng mga proyektong isusumite -- take note my dear people sa Zoom -- ang usapin ng community philanthropy sa kanilang kontekso kasama ang pagsisikap sa shifting the power. Napakaimportanteng kalamnan ito ng mga proyekto ninyong nais isumite. Dito magiging iba ang mga proyektong mapipili ng ACSF.

Kaugnay ng proseso, ang intensyon ng grants facility ay imaximize ang impact sa pamamagitan ng facility, kasama na ang iba't iba pang related processes para sa grantmaking, na kung saan ay community-led at community-focused as best as possible. Nilalayan din na maitayo ang programa na nagsusuporta sa mga bagong partnerships na holistically pareho sa pamamagitan ng financial mechanisms at non-financial support.

Naghahanap ang ACSF ng mga ideya, aktibidad, proyekto, o pagsisikap na nakapag-aambag sa mga sumusunod:

1. **Community philanthropy** – Ito ay ibayong pagpapalakas ng ating mga cultural practices, spirit of bayanihan na nasa atin na at nangangailangan na laman pasinayin o patingkarin. Natatangi at magandang practice natin ito bilang mga Pilipino na nakakapagbigkis at nakakapagpalakas ng ating kakayahan, katatagan, at kapangyarihan ng komunidad at ng mamamayan.
2. **Localization** – Ito ay ang paglalagay sa mga komunidad at ng kanilang community-led actions sa sentro o puso ng buong proseso. Ito ay pagpapalakas ng kakayahan upang maging matatag, kasama na ang pagrereporma ng sistema upang mailagay ang mamamayan sa sentro ng humanitarian action. Kailangan din ng national platform para isulong ang adbokasiya sa pagtatransporma ng humanitarian aid system and its corresponding architecture.
3. **Sustainability** – Napakahalagang konsiderasyon ito, bilang ang assets ay lever of change na nakakaapekto sa power and influence. Kailangan ito para patuloy na maisulong ang mga gawain at manatiling buhay ang ating mga organisasyon.
4. **Shifting power** – Marapat ang shifting the power sa funding flows. kailangang tuwiran ang relasyon at ang partnership. Di tayo papayag sa mga subcontracting. Di na kailangan ng intermediaries. Kasama rin dito ang creating and championing a local movement of national and local actors. Mahalaga ang pagkakaisa, solidarity, at

pagkakaroon ng iisang kumpas pagtahak ng parehong landas tungo sa pagbabago. Nangagahulugan din ito ng accountability driven by mutual understanding, honesty, long-term relationships, trust, and solidarity.

Abot-Kamay Community Solidarity Fund is:

- designed for communities. We intend to reach community-based and grassroots organizations.
- open to registered and non-registered organizations. We offer grants for activity (\$5,000 or lower), micro-grant (\$5,000-10,000), fiscal sponsorship (\$5,000-10,000 per proposal), and partnership (\$10,000-20,000)
- open to learning and feedback. We encourage feedback to improve our grantmaking and influence other grantmakers.

Meet our Community Selection Committee

Linda Gobrin is an educator, activist, and feminist. Engaged with people's organizations in their capacity-building efforts and in advancing their issues and concerns through different advocacies and campaigns.

Myra Zyrene Andal is a volunteer for the project development program of the Visayas Disaster Risk Reduction Network, Inc (VDRN), a people-based disaster network of individuals, institutions, and people's organizations based in Visayas. She is also part of the volunteer mobilization for disaster preparedness and response of the network.

Elsie Bayonla is the Executive Director of Loving Presence Foundation in Bislig City. It was organized to respond to the needs of people with disabilities in the Caraga Region of the Philippines.

Open Forum and Q&A

Questions	Answers
Is there a format for the proposal at kailan po ang deadline?	Nagkaroon kami ng announcement both sa website ng CDP at sa FB page noong July 1. Kapagka pumunta kayo sa website, o sa FB page, makikita niyo dun, nandun na mismo ang format ng tinatawag nating Expression of Interest. Meron doong nakabaybay na format na susundin. Hindi siya mahirap, kayang-kaya ng bawat isa na sagutin ang

	bawat bahagi noon. Ang deadline: August 1.
<p>Merong po bang page limit ng EOI? Ano po ang time covered nito, magsisimula ba ng 2023? Ang lenguahe po ba ay sa wikang Pilipino?</p>	<p>Walang page limit, pero pinakamahasulap kung mapapaiksi. Ang pinakaimportante ay kung paano ninyo maka-capture ang mensahe niyo sa bawat katanungan. Hindi namin kayo tinakdaan. Bahala kayo. Ang importante, ma-bring about niyo ang message niyo.</p> <p>Ang target natin, kapag nakapagsumite kayo ng August 1, September iaannounce na namin kung sino yung mga na-select, ibig sabihin yung magiging mga awardees. Maaari niyong ipatupad yung inyong proyekto sa loob ng isang taon.</p> <p>Hindi niyo kailangang magpakahusay sa Ingles sa pagsusulat ng inyong mga proposal. Maaari kayong magsulat sa Tagalog, Cebuano, bahala na po kami kung papano namin siya susuriin, ano pa mang lenguahe yan. At kung meron naman pong mahihirapang magsulat, ikwento sa amin at kami na ang tutulong sa inyong magbuo nito.</p>
<p>Merong po bang priority programs or advocacies ang community fund, tulad ng education, livelihood, persons with disabilities, empowerment, etc?</p>	<p>Yung range at yung pinakainaasahan sana na mapaloob at tutukan ng programa ay yung kanina na medyo may karamihan kong binanggit. Pero tama po kayo, napakahalaga sa amin na ma-capture kung ano yung empowerment, na pagsisikap na gusto niyong gawin, whether sector or sectors in the community o ng buong mga komunidad. So wala po kayong poproblemahin dun. Syempre kung makakatulong din sa komunidad ang usapin ng livelihood, maaari rin po yun.</p> <p>Lalo na kung ang mga iinvolve po ay yung ating mga women, kabataan na ninanais na makatulong para sa kanilang komunidad, bukas po yun.</p>
<p>How about po yung mga continuing program, pwede rin po ba sila na isama dito sa ACSF?</p>	<p>Nabanggit ko rin kanina na maaari rin talaga yung parang mga programa na, halimbawa, natapos na yung funding pero</p>

	<p>maganda na ipagpatuloy pa. Pero syempre, ang pinakamahalaga dito, may kaugnayan sa apat nating binanggit kanina na maging sentro ng inyong proposal: localization, shifting the power, sustainability, and community philanthropy.</p>
<p>Merong po bang maximum na bilang ang grants sa ibibigay sa unang round?</p>	<p>Hindi po natin masabi ngayon kung unang round lang ba o may succeeding round pa kasi nag-deadline tayo ng August 1. Pero base dun sa pinakita ni Tita Lou kanina na mga type of grants na susuportahan natin, yung pinakamababa kasi dun \$5,000 at ang pinakamalaki, \$20,000. So kung tama po yung aking math, pag lahat ay nag-apply dun sa minimum natin, mukha pong aabot tayo ng 60 organizations. Pero kung \$20,000 po, mukhang 18 organizations lang yung kayang suportahan ng ating pot. So tinitingnan po natin na yung range ay mula 18 hanggang 60 organizations yung makakatanggap ng pondo. Kung hindi po ganun karami yung aabot ng August 1, titignan na posibleng magbukas for second round, pero sana po lahat ng proyektong isusumite ay matapos bago mag-December 2023.</p>
<p>Pwede po ba ang audio and visual presentation, using multimedia?</p>	<p>Hinihikayat po namin talaga na mag-apply gamit yung sa tingin ninyo pinaka-angkop, pinaka-appropriate sa inyong pamamaraan para ikwento, para sabihin yung mga gusto ninyong gawin. So kung ito ay vlogging, audio recording, tinatanggap po namin yan. Basta sagutin niyo lang po sana yung mga katanungan na nakahanay sa website ng CDP. Pakibisita.</p>
<p>This is from Samahan ng Tatlong Tribung Kababaihan sa Aleosan, North Cotabato. Tanong po namin if possible lists or suggestions kayo para sa pagpili ng ipropose?</p>	<p>Wala naman po. Anything. Kayo naman po ang magdidikta kung ano po ang inyong pangangailangan base kung nasaan po kayo.</p> <p>Ayaw po kasi nating diktahan kung ano yung gusto nilang gawin. Pero yung pwede po naming maitulong, bukas yung technical</p>

	<p>team ng CDP para mag-brainstorm. Baka kasi hindi pa masyadong malinaw sa kanila ano yung 4 na binanggit: localization, shifting the power, community philanthropy, and sustainability. Kung hindi niyo po nakikita kung paano yung current niyong ginagawa ay papasok o aangkla dun sa apat, bukas po ang linya ng CDP para tulungan kayong mag-brainstorm.</p>
<p>Na-inspire po kami sa programa ninyo. In fact kararating ko lang galing sa meeting with civil society organizations wherein karamihan sa kanila maliliit na kasisimula po lamang, at ito kadalasan ay mga biktima po ng delubyo. May dalawa silang pangangailangan: maliit na kabuhayan, kagamitan sa pagresponde sa panahon na sila ay nagreresponde sa calamities. Pwede po bang makapasok sa programa na ito?</p>	<p>Baka po pwedeng ichat namin sa inyo yung line kung saan kami pwedeng tawagan para pagkatapos po ng pagpupulong, babalikan po namin kayo, para maumpisahan natin ang pag-uusap para mag-brainstorm ng inyong gustong gawin na papasok doon sa 4 themes na binabanggit namin.</p> <p>Dagdagan ko lang na yung hinahanap din kasi, gusto kong balikan yung sustainability. Pwede naman sa proyekto yung yung pagbili ng ibang gamit, pero wag natin isipin na ito ay mga one-time o mga regalo. Hindi ho sana ganun. San may long-term, mas sustainable na proyekto. Hindi ito regalo, ang naisip namin ay catalytic. Ibig sabihin namin, konting tulak. Kumbaga parang bola yan no, tutulak mo para tumuloy-tuloy. Gusto namin tuloy-tuloy ang pag-ikot ng bola. Pero kasi pag ginamit lang ito sa isang kasangkapan, at dun na nagtatapos, palagay ko hindi yun ang gusto namin. Hindi siya one-time, big time. So ang mga proposal na gusto siguro makita ng selection committee, may sustainability. Palaging sustainaiblity yung [hinahanap] ko kasi, dati kami sa USAID nagbibigay kami ng ganito sa gobyerno, etc, etc. Part kasi nun, diplomacy. Maganda rin yung regalo. Pero medyo umaalis na kami sa mentality na regalo, yung bigay. Kasi ang tingin namin sa communities, hindi kayo beneficiaries. Partners, no. At yung tulong namin, konti</p>

	<p>lang. Tulak lang. So yun. Gusto ko lang maimpart sana yung ganung mentality. We want to see yung sustainability, hindi lang mga paggagastusan na one-time, short-term needs.</p>
<p>Kami po ay sa Iloilo. Maganda talaga yung konsepto saka opportunities para sa maliliit na mga CSO na gustong magbigay ng empowerment at development sa community. Pwede ba yung project component includes infra, for example water system, na irun ng mga kababaihan, or mga young people. Pwede ba itong ipropose? During the course ng project implementation, meron tayong mga trainings at honorarium na ibibigay sa resource person. Pwede ba nating iinclude ito sa proposals? Allowed ba tayo na magbigay ng honorarium na maaassign sa proyekto?</p>	<p>Sa isang banda, nabanggit mo yung usapin ng water system. Kinikilala natin na basic necessity ito ng mga komunidad lalo na sa kalagayan na wala pa talagang level 3 na systema ng tubig na makakapasok talaga sa bahay-bahay, shared pa lang. Importante yun. Pero kailangang pagkaisahan at suriin ng komunidad kung ito talaga yung pinakanakikita nilang kailangan at kagyat na tugunan kung saan matutulungan ang maraming bilang ng mga pamilya o household sa lugar. Yung usapin ng honorarium sa trainers, ganito po. Yung people's organizations, ang pinakamalakas sa kanila ay volunteerism. Hindi po yan nagpapabayad sa ano pa mang oras, talento na ginagamit nila para makatulong sa kanilang komunidad. Pero syempre, may CSOs na nag-aassist ng people's orgs or communities na mangangailangan somehow ng ano pa mang pwedeng maibigay sa kanila. Ang pinakapamantayan po natin, ayaw po natin na ang malaking bahagi ng pondo ay mapunta sa honorarium ng mga tumutulong. Ayaw natin na dun mauwi yung malaking bilang ng proyekto. Kailangan yun ay mapunta sa mga capacity building, pwede ring livelihood endeavor na makakatuwang sa mga komunidad o makakatulong para sa pag-oorganisa ng maraming bilang ng mga komunidad sa isang lugar na merong pagkakapare-pareho ng mga issues na kailangang masolusyonan. Pinakamaganda, hindi siya kakain ng malaking bahagi ng pondo na makukuha.</p>

<p>Pwede ba yung sa CSO staff, sa organizing, pwede siyang mag-receive ng allowances?</p>	<p>Kung allowance lang po ay baka maaari. Kasi ibig sabihin, ang buong panahon niya ay gugugulin niya dun sa pagsisikap na maabot ang maraming bilang doon sa isang komunidad. Maaari naman po. Hindi naman siguro yun kalakihan kagaya ng sweldo ng mga nasa ibang malalaking CSOs.</p> <p>Very interesting and relevant ang question. Pero in the long term, baka naman masanay yung organization na may allowance siya pero pag natapos na yung proyekto, saan na tayo kukuha, or titigil na. So again yun yung magandang isipin no. Napaka-flexible ng funding, pero isipin natin, baka mamaya, nagc-create ng dependency. Yun ang ayaw natin. Kasi nga, dapat, ang pananaw ko dito, sana tumayo mag-isa yung proyekto. Kumbaga parte lang siya, hindi nakasalalay yung success ng proyekto dun sa pondong iaapply. Kumbaga, supplementary siya. At hopefully yun nga, okay naman yun, siguro allowance, tapos eventually hanapan, paano ninyo papalitan eventually.</p>
<p>1) Do we have to find our own fiscal sponsor or support organization? Or will AAT help us connect with a sponsor?</p> <p>2) How do we get in touch for technical assistance?</p> <p>3) Do we need to fulfill all 4 priorities, i.e., community philanthropy, localization, sustainability, shifting power?</p>	<p>Sa fiscal sponsor, depende kung may kilala na talaga. Ideally sana, tumitingin tayo kung ano na yung mga inisyatiba na may ugnayan na, kasi kasama yata yun sa mga tanong. Pag tinignan po yung outline questions natin, may tanong doon about kung sino-sino na yung mga nakapartner na organizations. Maganda po sanang kayo mismo yung humanap ng ka-partner dito. Para rin siguradong may level na ng, uy pwedeng magtulungan in the future, pwedeng lumawak to. Pero kung wala po talaga, halimbawa lahat ng kakilala niyo unregistered, pwede naman pong idulog sa CDP at tutulungang imatch. Kaya rin humanap ng diverse selection committee,</p>

	<p>baka may pwede nang umpisahang ugnayan sa thematic areas.</p> <p>Yung technical support, ibinigay ng isang kasama sa CDP ang kanilang cellphone number and email address. So pwede po silang mag-text dun or mag-email, tumawag para sa kailangan nilang tulong.</p>
<p>Due to large scope of sectors, possible po ba ang multi submission of expression of intent?</p>	<p>Kung may local chapter ang isang national formation, whether people's organizations or a part of network of CSOs, magandang pagusapan kung interesado ang national formation to submit proposal, at kung may interesado sa mas maliliit na local chapters, baka magandang mas bigyang daan ng national yung mga local, isa o ilan man yan na mga local chapters kaysa yung national ang magsumite. Although syempre bukas din naman talaga yung ACSF or national networks kasi halimbawa, kung ang gusto nilang isubmit na proposal ay tungkol sa advocacy and campaigns for influencing, syempre maganda rin yun. Malaking bagay din yun. Pero kung sa isang balangkas kayo ng setup, magandang pag-usapan niyo yun para hindi magkaroon pa ng competition internally sa pagitan ng dalawa.</p>
<p>Pwede po bang ang mag-apply ay yung CSO, o pwede po ba silang mag-apply for a different community? Pwede po kayang mag-apply ang Dampa para sa iba pang orgs o pwede ang community orgs ang mag-apply?</p>	<p>Pinakamaganda kung yung community ang mag-aapply, iaassist na lang siya ng CSOs. Pinakamaganda yuing komunidad talaga. Hindi kailangan yung CSO. Kung isang alliance naman siya, pwede ang buong alliance, pero magbebenefit yung lahat ng chapters niya.</p>
<p>What is the process for organizations without bank account?</p>	<p>Nabanggit kanina na pwedeng kumuha ng fiscal sponsor para makatuwang ninyo sa pag-iimplement kung sakali pong kayo ay mapili.</p>
<p>For the partnership grants, ibig sabihin po ba nito 2 CSOs o pwede po na magkatuwang po ang isang CSO at INGO? Coz I understand the application</p>	<p>Dinidiscourage natin na mag-apply ang INGO, or CSO na may access sa funding. Ipaubaya na natin ito sa maliliit na CSO at mga grassroots organizations.</p>

<p>is limited to grassroots organizations, tama po ba?</p>	
<p>Sa Cordillera Human Rights Alliance po ito. Dahil maraming mga women human rights defenders na nawalan ng pangkabuhayan dahil sa covid 19 pandemic, iniisip ng organisasyon na magsagawa ng livelihood program para matulungan sila sa pag aangat ng kanilang pangkabuhayan at makatulong sa pamilya lalo at sila din yung members ng people's organization na tumitingin sa pangkabuuang sitwasyon ng komunidad. salamat po</p>	<p>Yes, pwedeng-pwede po kayong mag-apply</p>
<p>Does this include "Community Digitalization Project" to bring back to pre-pandemic levels of awareness on CDRRM to build actions for locally-led response and preparedness, thank you so much CDP</p>	<p>Yes</p>
<p>Mula po Lower Tiparak Organic Organization: pasok po ba sa maaring pondohan nitong proyekto ang pagpapalawak ng kaalaman sa organikong pagsasaka (locally led trainings on SRI for neighboring high risk barangays), pagpapayabong sa nasimulang Agri Business ng organisasyon sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng organikong fertilizers o pataba at pagpopromote nito sa local na kasamahan na hindi pa expose sa organikong pamamaraan, pagbubuo ng community garden/palayamanan concept bilang isang mitigation at preparedness initiative na makatutulong sa pagsesecure ng pagkain lalo na sapanahon ng pagbaha.</p>	<p>Mukhang nandito na po yung concept. Nandito na agad. Ready to submit!</p>
<p>Hello po Sarayo Forests from Northern Samar. Young Registered local NGO po kami within our municipality po and</p>	<p>Yung registration po natin, mainam kung SEC. Pero in an absence of SEC, CDP is open to accept local registrations from the</p>

<p>partnered with PO within our barangay. Pwede po kami magapply? Ang fiscal sponsorship po ba ay ibig sabihin registered?</p>	<p>local government units or open din po yung apat naregistration: DSWD, HLURB, DOLE, CDA.</p>
<p>Can a "national NGO" be a fiscal sponsor of the applicant group (unregistered) that is based in the same community / area where the national NGO also operates?</p>	<p>Yes.</p>
<p>Meron po bang percentage ceiling for volunteer support as tokens?</p>	<p>Sa tingin namin, ang pinakaimportante dun, sila ang magtakda. Kasi ayon yun sa sitwasyon at pangangailangan nila. Pero syempre, pwede rin namang magmungkahi, pero magandang magmula sa kanila yun.</p>
<p>Thank you. Do you also have examples of projects that encompass this?</p>	<p>Napakarami pong examples. Ito kaninang mga binabanggit po ng ating mga kasamahan ay talagang tingin natin ay nakaugat dun sa mga prinsipyo na kanina ay binabanggit natin na apat. Paano na lamang ito bubuuin into a proposal.</p> <p>Pwede po tayong mag-one-on-one na pag-uusap. Pwede po kayong mag-contact doon sa binigay na number o kaya ay email, at pwede po nating pag-usapan kung ano po itong ating idea na niluluto.</p>
<p>Link deretso sa outline sa website</p>	<p>https://cdp.org.ph/communityphilanthropy communityphilanthropy@cdp.org.ph</p>